PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

8

# Filipino

Unang Markahan – Modyul 1 – Linggo 1

**Pag-uugnay sa mga Mahahalagang Kaisipang Nakapaloob sa mga Karunungang-bayan sa Pangyayari sa Tunay na Buhay sa Kasalukuyan**

Lenie J. Osorio



SMILE

SUPPORT MATERIAL FOR INDEPENDENT LEARNING ENGAGEMENT (SMILE)

A Joint Project of
SCHOOLS DIVISION OF DIPOLOG CITY
and the
DIPOLOG CITY GOVERNMENT

**Filipino – Ikawalong Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan – Modyul 1: Pag-uunay sa mga Mahahalagang Kaisipan na Nakapaloob sa Karunungang-bayan sa mga Pangyayari sa Tunay na Buhay**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban samodyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lenie J. Osorio
**Editor:** Lenie J. Osorio
**Rebyuwer:** Michel P. Enero
**Tagasuri:** Riela Angela C. Josol, EPS - FILIPINO
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Jessa Rose D. Ajero
**Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Virgilio P. Batan, Jr. | – Schools Division Superintendent |
| Jay S. Montealto | – Asst. Schools Division Superintendent |
| Amelinda D. Montero | – Chief Education Supervisor, CID |
| Nur N. Hussien | – Chief, Education Supervisor SGOD |
| Ronillo S. Yarag | – Education Program Supervisor, LRMS |
| Leo Martinno O. Alejo | – Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Rehiyon IX - Dipolog City Schools Division**
Office Address : Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte,7100
Telefax : (065) 212-6986
E-mail Address : dipolog.city@deped.gov.ph



# Alamin

Kasabay sa pagtuklas ng panibagong karunungan ay ang dahan-dahang paghubog ng iyong buong pagkatao. Mas madali para sa iyo na ipahayag pasulat man o pasalita ang iyong saloobin, pananaw o ninanais sa buhay kung nakaangkla ka sa iyong pagkakakilanlan. Kung sa tingin mo, hindi ito madali ay wala kang dapat ipag-alala dahil matutulungan ka ng modyul na ito.

Sa modyul na ito ay matutuhan mo ang mataas, matayog, at marangal na saligan ng buhay ng lahing iyong pinagmulan.

Tama! Marangal na lahi ang iyong pinagmulan. Handa ka na bang alamin?


- Ano-ano ang mga Matutuhan mo sa Modyul na Ito?

**Pamantayan ng Pagkatuto:**

- Naiuugnay ang mga mahalagang kaisipang nakapaloob sa mga karunungang-bayan sa mga pangyayari sa tunay na buhay sa kasalukuyan sa pamamagitan ng pasalita at pasulat ng pagpapahayag.
  (**F8PB – 1a – c – 22**)

**Inaasahan din na ikaw ay:**

- nakasusuri sa mga karunungang-bayan na ginamit,
- nakatutukoy sa ibig ipahiwatig ng mga karunungang-bayan.



## *Subukin*

*A.* Panuto: Suriin ang pahayag sa bawat bilang. Pagkatapos ay sagutan ang mga tanong ayon sa hinihingi ng bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. | Nagtataingang kawali lang si Daisy nang tawagin siya ng kanyang ina. |
   |---|

   Palibhasa'y ayaw niyang mautusan ng ina kaya nagbibingi-bingihan siya.

   Alin ang karunungang-bayan na ginamit sa pahayag?
   a. Nagtatanging-kawali
   b. Nang tawagin siya ng ina
   c. Nagbibingi-bingihan siya
   d. Ayaw niyang mautusan

2. Ano ang pinakamalapit na kahulugan ng pahayag na ito "kapag maaga ang lusong ay maaga rin ang ahon"?
   a. Dapat maaga kang bumangon at maligo tuwing umaga.
   b. Dapat matuto kang umahon ng maaga sa problema.
   c. Kapag maaga kang magsimula ay maaga ka ring matapos.
   d. Kapag maaga kang magsimula sa trabaho ay malaki ang iyong sweldo.

3. Ang "**makapal ang mukha**", ay isang halimbawa ng sawikain na ang kahulugan ay ________________.
   a. makapal ang pulbo
   b. walang hiya
   c. nakaface mask
   d. nakamake-up
4. Alin sa mga ito ang salawikain?
   a. nagsaulian ng kandila
   b. may krus ang dila
   c. nagtataingang-kawali
   d. Daig ng maagap ang masipag.

5. | Si Rosa ay palaging **bukas ang palad** para sa kaniyang mga kasama sa pabrika. |
   |---|

   Ano ang ibig sabihin ng bukas ang palad?
   a. matulungin
   b. mahiyain
   c. masipag
   d. matalino

6. Alin sa mga ito ang idyoma o sawikain?
   a. Pag di ukol ay hindi bubukol.
   b. Matalino man ang matsing, naiisahan din.
   c. dinadaga ang dibdib
   d. Ang nagtanim ng hangin, bagyo ang aanihin.

7. Bawal ang <u>kilos pagong</u>, ang mahigpit na utos ng hari sa kanyang mga alipin. Ano ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit?
   a. madaling magalit
   b. matigas ang kalooban
   c. mabilis tumakbo
   d. mabagal kumilos

8. Umakyat ng ligaw ang **matandang tinali** sa kanyang kababata. Ano ang ibig ipakahulugan ng matandang tinali?
   a. nagbibinata
   b. binata
   c. matandang binata
   d. matanda

9. Pedro, sa tingin ko dapat <u>*maglubid ka ng buhangin*</u> sa lugar kung saan walang nakakikilala sa iyo at ng hindi ka mabisto. Ano ang ibig sabihin
   ng salitang maglubid ng buhangin?
   a. magtali ng lubid
   b. magpakamatay
   c. magsinungaling
   d. mag-ipon ng buhangin

10. Bakit hindi ka makapagsalita? Mukha kang <u>*natuka ng ahas.*</u> Ano ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit?
   a. hindi nakakibo
   b. nanlulumo
   c. nanginginig
   d. hindi nakalakad

B. **Panuto**: Subukin mong iugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa salawikain na nasa kahon sa mga sitwasyon sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- Mabuti pa ang kubo na ang nakatira ay tao;
  Kaysa bahay na bato na ang nakatira naman ay kuwago.
- Pag dinaan sa tiyaga
  Maabot din ang nasa.
- Saan mang gubat ay may ahas.
- Ang kahoy na liko't baluktot
  Hutukin habang malambot
  Kung lumaki at tumayog
  Mahirap na ang paghutok.
- Tulak ng bibig, kabig ng dibdib.
- Matalino man ang matsing, nalalamangan din.

1. May mag-amang naligaw sa gubat. Masaya sila nang makakita sila ng isang malaking bahay. Nagpatao po ang dalawa upang makahingi ng kahit kaunting maiinom. Maya-maya pa ay tinutukan na sila ng baril sabay sabi. “Magsilayas kayo, hindi niyo ba nakikita ang karatulang nakalagay sa labas “No trespassing, Private Property!”

   Salawikain:_______________________________________________

   ___________________________________________________________

2. “Anak, hindi ganyan ang tamang pagtapon ng basura, dapat kung nalalanta ang itatapon mo ilagay mo sa basurahan na may markang nabubulok. Kung hindi naman nabubulok ang basurang itatapon mo, hanapin mo ang basurahan na may markang hindi nabubulok. Tandaan mong mabuti ang mga itinuturo ko dahil sa susunod kapag hindi mo pa rin nakuha ikaw na ang maghihiwa-hiwalay ng mga basura natin”.

   Salawikain:_______________________________________________

   ___________________________________________________________

3. “Di bale na matandang tinali nalang ako habambuhay kaysa makapag-asawa ng isang babaeng pangit ang ugali”. ang saad ng matandang binata. Kinabukasan, nagkamabutihan na yata ang matandang binata at ang dalagang may pangit na ugali magkahak-kamay na sila habang naglalakad.

   Salawikain:_______________________________________________

   ___________________________________________________________

4. “Kahit saan talaga tayo magpunta, hindi mawawala ang mga taong taksil”.

   Salawikain:_______________________________________________

   ___________________________________________________________

5. Bumili ng peanut butter si Eddie. Gusto niya ang may malalaking lalagyan para hindi siya lugi. Pagdating ng bahay sabik niyang binuksan ang nabiling peanut butter. Ganoon na lang ang kanyang panlulumo nang mabuksan. Kalahati lang ang laman.

   Salawikain:

   ___________________________________________________________

   ___________________________________________________________

| Aralin 1 | Panitikan: Karunungang-bayan |
| --- | --- |

Ang karunungang-bayan ay isang sangay ng panitikan kung saan ito ay nagiging daan upang maipahayag at maipabatid ang mga ideya at kaisipan na nabibilang sa bawat kultura at tradisyon ng mga tao. Sumasalamin ito sa magagandang kaugalian ng iba't ibang tribo at lahi. Sa pamamagitan nito naipapabatid ang sariling kahusayan, mga kapintasan at kahinaan upang maging daan sa pagpapabuti at pagpapaunlad ng kakayahan ng isang tao gayundin, natutuklasan ang sariling talino at kasanayan.

Ang panitikang ito ay binubuo ng mga salawikain at sawikain.



## *Balikan*

Basahin ang isang artikulo. Suriin ang mga salita na nakasulat nang pahilig.

Isang malugod na pagbati para sa mga *haligi ng tahanan* sa araw na ito. "Happy Father's Day" po sa inyong lahat.

Kaugnay sa pagdiriwang ng araw na ito, *nakatataba ng puso* na ipaalam sa inyo na isa na namang  ama ang nag-uwi ng karangalan dito sa ating bansa mula sa Amerika. Sa gitna ng panganib sa COVID 19 Pandemic hindi niya tinakasan ang kanyang responsibilidad bilang isang doktor. Patuloy niyang ginagampanan ang kanyang tungkulin kahit wala na siyang kasiguraduhan na makikita pang muli ang kanyang pamilya. Sa kabila ng sinusuong niyang panganib *buhay ang kanyang loob* at buong pusong nanalig na may Panginoon na nagprotekta sa kanya.Higit sa lahat tinulungan niya ang kanyang mga kababayan na nagkasakit din. Pinatutunayan, ng bayaning manggagamot na ito na *"Ang tunay na sundalo'y hindi sinusukuan ang kahit na anong labanan*". Para sa sambayanang Pilipino. Isa kang bayani Ginoong Reyes. Mabuhay po kayo at ang marami pang mga Pilipino na kagaya mo!

Isinulat ni Lenie J. Osorio

Narinig o nabasa mo na ba ang mga salitang nakasulat nang pahilig?

Basahing muli!

1. haligi ng tahanan
2. nakatataba ng puso
3. buhay ang loob
4. Ang tunay na bayani ay hindi sinusukuan, ang kahit na anong labanan

Ano kaya sa tingin mo ang ibig ipakahulugan ng mga ito?

1. haligi ng tahanan- ______________________________
2. nakatataba ng puso-____________________________
3. buhay ang loob-________________________________
4. Ang tunay na bayani ay hindi sinusukuan, ang kahit na anong labanan __________________________________________



## *Tuklasin*

Handa ka na bang maghasa ng isipan?

Basahin ang diyalogo sa ibaba. Pansinin ang mga pahayag na nakasulat nang pahilig.

SITTI, TINTAY AT ZINCO

(Nag-uusap ang magkaibigang Sitti, Tintay at Zinco habang naghihintay na tumila ang malakas na ulan.)

Sitti: Kung kailan pa lumuwag-luwag itong quarantine saka pa ulan ng ulan. Hindi tuloy tayo makakapagmall.

Tintay: Naku! Talaga itong si Sitti *kating-kati na ang mga paa.*

Zinco: Sinabi mo pa, idadamay pa talaga tayo. Kunwari, magtatampo kung hindi sasamahan.

Sitti: Nagsalita ang mga magagaling kong kaibigan! Kasi po, "*hindi namumunga ng bayabas ang puno ng santol*".

Zinco: Bakit? Nasa'n ba sina Tito at Tita? Huwag mong sabihing naglalaro na naman ng madjong.

Tintay: Hindi ba bawal pa ang madjong ngayong GCQ?

Sitti: Talagang bawal. *Tumatanda kasi nang paurong*, hindi mo naman mapagsabihan dahil anak ka lang.

Zinco: Kaya ikaw, huwag ka ng gumaya sa kanila. Dito ka na lang sa inyong bahay. Hay naku! Napakarami ng problema sa Pilipinas. Huwag na tayong dumagdag pa.

Tintay: Sinabi mo pa Zinco, hindi madaling pamumunuan ang Pilipinas. Kadalasan sa atin *matitigas ang ulo.* Napakasimple ng patakaran huwag lumabas ng bahay, magsuot ng face mask, maghugas ng kamay. Waley!

Zinco: Siguro, hindi sila takot sa VIRUS kasi hindi naman nila ito nakikita.

Tintay: Sabagay. Hay naku! Ano ba ang gusto nila sinlaki ng kalapati ang mga VIRUS para matakot sila at saka pa sila susunod sa mga patakaran ng gobyerno.

Sitti: Ha! Ha! Ha! Nagpapatawa ka Tintay. Hayaan mo na nga silang *kamutin ang sariling kati.*

Zinco: Basta ikaw Sitti, dito ka lang sa inyo. Tandaan mo "*walang malaking nakapupuwing*". Huwag mong maliitin ang pandemya baka mawalan pa kami ng kaibigang Sitti.


Tintay: Oo nga, hindi na tayo kumpletong Pasado! SITTINTAYZINCO!

- Isinulat ni Lenie J. Osori

## Usap Tayo!

Panuto: Pagkatapos mong mabasa ang usapan sa itaas. Sagutin ang mga katanungan sa ibaba bilang gabay mo tungo sa iyong pag-unawa.

1. Ano ang paksa ng usapan sa itaas?
2. Anu-anong salita o parirala ang ginamit sa usapan na may ibang nais ipakahulugan? Itala sa kwaderno.
3. May naisip ka bang pagpapakahulugan na maaari mong iugnay sa mga salitang ito?
4. May mga salita bang maaari mong ipalit dito na mapananatili pa rin ang diwa na nais ipaabot ng usapan?
5. Sa kabila ng pandemyang kinakaharap ng lipunan, magagawa pa kayang aliwin ng mga manunulat at mga mamamahayag ang sambayanan? Maglahad ng patunay.



## *Suriin*

Ang pagbabasa ay tulad ng isang paglalakbay. Katulad ng isang manlalakbay dapat maging mapanuri ka. Kung minsan may mga nababasa kang hindi mo nauunawaan, babasahin mo ito ngunit lalampasan pa rin at ipagpaliban ang pag-alam sa kahulugan nito. Hindi mo matutulungan ang iyong sarili kapag ganyan ka. Dapat, alamin mo!

Kagaya ng ibang wika, ang Filipino ay mayaman sa salawikain (sayings) at  sawikain o idyomang pahayag(idioms). Nakatutuwang isipin na madalas ay nagagamit natin ang mga hiyas ng ating wika. Hindi tuwirang inilalahad ang ibig sabihin  ng mga ito bagkus ay gumagamit ng matatalinghagang pananalita sa likod ng tunay na kahulugan nito.

Halimbawa:

1. Hindi namumunga ng bayabas ang puno ng santol.
   Paliwanag: Ito ay halaw sa palasak na salawikain na (“*kung ano ang puno ay siya ring bunga”)*na madalas tumutukoy sa mga nasunod o kinamulatang katangian o gawi ng mga anak mula sa mga magulang.

2. Walang malaking, nakapupuwing.
   Paliwanag: Hinggil ito sa pagkakaroon ng silbi ng isang bagay o katayuan sa buhay ng isang tao

- ***Salawikain***

  Ang **salawikain (sayings)** *ay mga pahayag na nagbibigay ng magagandang aral at gabay sa pamumuhay, sa asal, at sa pakikipagkapwa. Ito ay nakaugalian nang sabihin at nagsisilbing batas at tuntunin ng kagandahang-asal ng ating mga ninunong naglalayong mangaral at umakay sa mga kabataan sa pagkakaroon ng kabutihang-asal.*


- Ubos-ubos biyaya,
  Bukas nakatunganga. (*Pangaral hinggil sa pagtitipid*)

- Gaano man katibay ang piling abaka,
  Wala ring lakas kapag nag-iisa. (*Paalaala hinggil sa pagkakaisa*)

**Sawikain**

Ang mga **sawikain (idioms)** *ay nagtataglay ng talinghaga sapagkat ito ay may nakatagong kahulugan. Tinatawag din itong idyoma o kaya naman ay eupemistikong pahayag.*

- *May gatas pa sa labi – bata pa*
- *Sira ang bakod – bungi*
- *Naglulubid buhangin – nagsisinungaling*
- *Mahaba ang pisi – mahaba ang pasensiya*
- *Dinadaga ang dibdib – natatakot*
- *Natuka na ahas – hindi nakakibo*



## *Pagyamanin*

**A. Panuto**: Basahin ang sitwasyong hinango sa tunay na buhay sa bawat bilang. Iugnay ito sa mga salawikain na nakatala sa loob ng kahon sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Nadatnan ni Tess ang kanyang mga anak sa kanilang tahanan na nagkagulo. Inatake sa puso ang kanyang asawa. Agad na dinala ito sa hospital. Kinabukasan, ibinalita niya sa mga anak na hindi na makagalaw ang kanilang ama. Malungkot ang lahat.

   Salawikain: ___________________________________________

2. Isang taon palang mula nang ikinasal sina Brenda at Bernard. Nakapagpasya na silang maghiwalay dahil hindi sila magkasundo sa maraming bagay. Nagsisisi si Brenda sa naging desisyon na pagpapakasal kaagad kahit kakakilala pa lamang niya sa kasintahan.

   Salawikain:______________________________________________

3. Gusto ni Ben na makakuha ng mataas na iskor sa pasulit. Kaya, naghanda siya ng napakahabang kodigo. Nang mahuli siya ng guro binigyan siya ng Zero sa pasulit na iyon.

   Salawikain:_______________________________________________

4. Ugali na ni Aling Maya ang magtabi ng kahit kaunti mula sa kanyang sahod. Isang araw, nagdeklara ng tigil operasyon ang pagawaan na kanyang pinagtatrabahuan dahil sa pandemya. Mabuti na lang at may naipon si Aling Maya, hindi magugutom ang kanyang pamilya kahit pa umabot ng isang taon ang pandemya.

Salawikain:________________________________________________

5. Bilang kinatawan o presidente ng kanilang klase, sinabihan si Grace ng kanilang guro na maghanda ng maikling talumpati para sa kanilang mga bisita na mamimigay ng donasyon sa kanilang paaralan. Agad niyang tinawag si Lucy at pinapagawa niya ng talumpati. Sumunod naman si Lucy dahil mga magulang ni Grace ang nagpapaaral sa kanya. Pinalakpakan si Grace at hinahangaan dahil sa kanyang napakagandang talumpati habang si Lucy ay nanonood lang sa isang tabi.

Salawikain: ________________________________________________

| | |
|---|---|
| Ako ang nagsaing,<br>Iba ang kumain. | Sakit ng kalingkingan<br>Ramdam ng buong katawan. |
| Kapag may isinuksok,<br>May madudukot. | Naghangad ng kagitna,<br>Isang salop ang nawala. |
| Ang pag-aasawa ay hindi biro,<br>Na parang kanin kung isusubo,<br>Na pwede mong iluwa kapag ikaw ay napaso. | |

**A. Panuto**: Basahin at unawain ang pangungusap sa bawat bilang. Sa tulong ng mga pahiwatig sa loob ng pangungusap ibigay ang kahulugan ng sawikain o idyoma na sinalungguhitan sa loob ng pangungusap.

1. <u>Nagbibilang ng poste</u> ang kanyang asawa simula nang magkaroon ng pandemya.
   a. Ang trabaho ay magbilang ng poste.
   b. Walang trabaho.
   c. May trabaho.
   d. Nabaliw.

2. Nag-<u>alsa balutan</u> ang mga katulong dahil hindi sila pinakain ng amo. Ang nag-alsa balutan ay nangangahulugang ______________.
   a. Naglayas
   b. lumipat ng tirahan
   c. binalot ang gamit
   d. nagbalot ng pagkain

3. indi nila pinagbubuhatan ng kamay ang kanilang kaisa-isang anak. Ano ang ibig sabihin ng pariralang may salungguhit?

a. hindi inaruga
b. hindi binubuhat
c. hindi pinapalo o sinasaktan
d. hindi inuutusan

4. Suntok sa buwan ang pangingibang bansa ni Anita. Ang suntok sa buwan ay nangangahulugang ________________.

a. Walang katiyakan
b. Magtagumpay siya
c. yayaman siya
d. Mabibigo siya.

5. Hindi maliparang uwak ang lupain ni Don Ignacio. Ang idyomang may salungguhit ay nangangahulugang _____________.

a. may pantakot sa uwak
b. may bitag para sa uwak
c. delikado
d. malawak

6. Naglulubid-buhangin ang bata ng sabihin niyang wala na siyang mga magulang.

a. naglalaro sa buhangin
b. natutulog sa tabi ng dagat
c. nagsisinungaling
d. nagsasabi ng totoo

7. "Magdilat ka nga ng mata, niloloko ka lang ng kasintahan mo", ano ang ibig ipakahulugan ng may salungguhit na mga salita?

a. ibuka ang matang nakapikit
b. gumising sa katotohanan
c. magbulag-bulagan
d. magpaloko

8. Masipag na nagsusunog ng kilay ang dalaga upang pumasa sa board exam. Ang nagsusunog ng kilay ay nangangahulugang ___________________________________.


a. binubunot ang buhok sa kilay
b. sinusunog ang kilay
c. nag-aaral
d. nagbabasa

9. Nagdilang-anghel si Fatima nang sinabi niyang may sweldo bukas.

a. nagkatotoo
b. hindi nagkatotoo
c. walang katotohanan ang mga sinasabi
d. naging manghuhula si Fatima

10. Lumilipad ang saya ni Kris dahil kamuntik na siyang maiwan ng eroplano. Ang pariralang may salungguhit ay nangangahulugang ____________.


a. nahubad and saya
b. nililipad sa hangin ang saya
c. hinahabol niya ang nalipad na saya
d. nagmamadali siya



# *Isaisip*

Punan ang patlang ng angkop na salita upang mabuo ang katuturan ng pahayag hinggil sa mga karunungang-bayan.

- Ang karunungang-bayan ay isang sangay ng panitikan kung saan ito ay nagiging daan upang maipahayag at maipabatid ang mga ideya at kaisipan na nabibilang sa bawat kultura at tradisyon ng mga tao.
- Ang sawikain at salawikain ay hindi dapat ipagwalang-bahala dahil ito ay pamana ng ating lahi.
- Parehong nagtataglay ng talinghaga ang sawikain at salawikain.



## ***Isagawa***

A. Panuto: Magbigay ng isang sitwasyon batay sa inilahad na salawikain sa ibaba.

Halimbawa: Habang maiksi ang kumot, matuto munang mamaluktot.

Sitwasyon: Binigyan ng isang daan si Jose ng kanyang nanay para sa kanyang baon sa loob ng isang linggo. Pinagkasya niya ito sa pamamagitan ng pagbili ng minatamis na saging at nagbaon na rin siya ng tubig para hindi na siya bibili pa.

1. *Magsisi ka man at huli*
   *Wala nang mangyayari*
   Sitwasyon: ______________________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

2. *Daig ng taong maagap,*
   *Ang taong masipag.*
   Sitwasyon: ______________________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

3. *Anak na hindi paluluhain,*
   *Ina ang patatangisin.*
   Sitwasyon: ______________________________________________
   ______________________________________________________

B. Panuto: Tukuyin ang kahulugan ng mga sumusunod na sawikain o idyomang pahayag sa pamamagitan ng pagtatambal-tambal ng mga sawikain sa Hanay A sa kanilang kahulugan sa Hanay B. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ____1. Matandang tinali | a. madalas na binabanggit |
| ____2. nagsauliang kandila | b. matandang binata |
| ____3.bukas na aklat | c. nanliligaw |
| ____4. naniningalang-pugad | d. lantad, hayag, alam ng lahat |
| ____5. malaking isda | e. libingan |
| ____6. matigas ang katawan | f. tamad |
| ____7. bukambibig | g. nagkagalit |
| ____8. ningas-cogon | h. mayaman |
| ____9. namuti ang mata | i. panandalian |
| ____10. Huling hantungan | j. nainip sa kahihintay |

Nakuha mo bang lahat ang sagot sa pagsusulit? Mabuti, kung ganoon. Kung hindi naman huwag kang mag-alala. Pagbalik.aralan mo lang ang hindi mo naintindihan.



# Tayahin

A. Panuto: Suriin ang pahayag sa bawat bilang. Pagkatapos ay sagutan ang mga tanong ayon sa hinihingi ng bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Nagtataingang kawali lang si Daisy nang tawagin siya ng kanyang ina.

   Palibhasa'y ayaw niyang mautusan ng ina kaya nagbibingi-bingihan siya.

   Alin ang karunungang-bayan na ginamit sa pahayag?

   c. Nagtatanging-kawali　　c. Nagbibingi-bingihan siya
   d. Nang tawagin siya ng ina　　d. Ayaw niyang mautusan

2. Ano ang pinakamalapit na kahulugan ng pahayag na ito “kapag maaga ang lusong ay maaga rin ang ahon”?
   a. Dapat maaga kang bumangon at maligo tuwing umaga.
   b. Dapat matuto kang umahon ng maaga sa problema.
   c. Kapag maaga kang magsimula ay maaga ka ring matapos.
   d. Kapag maaga kang magsimula sa trabaho ay malaki ang iyong sweldo.
3. Ang “**makapal ang mukha**”, ay isang halimbawa ng sawikain na ang kahulugan ay ________________.
   c. makapal ang pulbo                c. nakaface mask
   d. walang hiya                      d. nakamake-up
4. Alin sa mga ito ang salawikain?
   c. nagsaulian ng kandila            c. nagtataingang-kawali
   d. may krus ang dila                d. Daig ng maagap ang masipag.

> Si Rosa ay palaging **bukas ang palad** para sa kaniyang mga kasama sa pabrika.

5. Ano ang ibig sabihin ng bukas ang palad?
   a. matulungin                       c. masipag
   b. mahiyain                         d. matalino
6. Alin sa mga ito ang idyoma o sawikain?
   a. Pag di ukol ay hindi bubukol.
   b. Matalino man ang matsing, naiisahan din.
   c. dinadaga ang dibdib
   d. Ang nagtanim ng hangin, bagyo ang aanihin.
7. Bawal ang kilos pagong, ang mahigpit na utos ng hari sa kanyang mga alipin. Ano ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit?
   a. madaling magalit                 c. mabilis tumakbo
   b. matigas ang kalooban             d. mabagal kumilos
8. Umakyat ng ligaw ang **matandang tinali** sa kanyang kababata. Ano ang ibig ipakahulugan ng matandang tinali?
   c. nagbibinata                      c. matandang binata
   d. binata                           d. matanda
9. Pedro, sa tingin ko dapat *maglubid ka ng buhangin* sa lugar kung saan walang nakakikilala sa iyo at ng hindi ka mabisto. Ano ang ibig sabihin ng salitang maglubid ng buhangin?
   a. magtali ng lubid                 c. magsinungaling
   b. magpakamatay                     d. mag-ipon ng buhangin
10. Bakit hindi ka makapagsalita? Mukha kang *natuka ng ahas.* Ano ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit?
   a. hindi nakakibo                   c. nanginginig
   b. nanlulumo                        d. hindi nakalakad

C. **Panuto**: Subukin mong iugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa salawikain na nasa kahon sa mga sitwasyon sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- Mabuti pa ang kubo na ang nakatira ay tao;
  Kaysa bahay na bato na ang nakatira naman ay kwago.

- Pag dinaan sa tiyaga
  Maabot din ang nasa.

- Saan mang gubat ay may ahas.

- Ang kahoy na liko't baluktot
  Hutukin habang malambot
  Kung lumaki at tumayog
  Mahirap na ang paghutok.

- Tulak ng bibig, kabig ng dibdib.

- Matalino man ang matsing, nalalamangan din.

1. May mag-amang naligaw sa gubat. Masaya sila nang makakita sila ng isang malaking bahay. Nagpatao po ang dalawa upang makahingi ng kahit kaunting maiinom. Maya-maya pa ay tinutukan na sila ng baril sabay sabi. "Magsilayas kayo, hindi niyo ba nakikita ang karatulang nakalagay sa labas "No trespassing, Private Property"!

   Salawikain:________________________________________

   ________________________________________________

2. "Anak, hindi ganyan ang tamang pagtapon ng basura, dapat kung nalalanta ang itatapon mo ilagay mo sa basurahan na may markang nabubulok. Kung hindi naman nabubulok ang basurang itatapon mo, hanapin mo ang basurahan na may markang hindi nabubulok. Tandaan mong mabuti ang mga itinuturo ko dahil sa susunod kapag hindi mo pa rin nakuha ikaw na ang maghihiwa-hiwalay ng mga basura natin".

   Salawikain:________________________________________

   ________________________________________________


3. “Di bale na matandang tinali nalang ako habambuhay kaysa makapag-asawa ng isang babaeng pangit ang ugali”. ang saad ng matandang binata. Kinabukasan, nagkamabutihan na yata ang matandang binata at ang dalagang may pangit na ugali magkahak-kamay na sila habang naglalakad.

   Salawikain:________________________________________________
   ________________________________________________________

4. “Kahit saan talaga tayo magpunta, hindi mawawala ang mga taong taksil”.

   Salawikain:________________________________________________
   ________________________________________________________

5. Bumili ng peanut butter si Eddie. Gusto niya ang may malalaking lalagyan para hindi siya lugi. Pagdating ng bahay sabik niyang binuksan ang nabiling peanut butter. Ganoon na lang ang kanyang panlulumo nang mabuksan. Kalahati lang ang laman.
   Salawikain:________________________________________________
   ________________________________________________________



## ***Karagdagang Gawain***

Gamitin sa sariling pangungusap ang mga sumusunod na sawikain o idyoma batay sa mga pangyayari sa tunay na buhay.

1. halang ang bituka
2. basang sisiw
3. sumakabilang-buhay
4. matandang tinali
5. sabay sa agos
6. litaw ang ulo
7. di palulon nang buo
8. sumakabilang-buhay
9. urong-sulong
10. lumagay sa tahimik

## Susi sa Pagwawasto

Subukin/Tayahin

1. A
2. C
3. B
4. D
5. A
6. C
7. D
8. C
9. C
10. A

11. Mabuti pa ang kubo…
12. Ang kahoy na liko’t baluktot…
13. Tulak ng bibig…
14. Saan mang gubat ay may ahas.
15. Matalino man ang matsing…

Pagyamanin

A.

1. Sakit ng kalingkingan
   Ramdam ng buong katawan
2. Ang pag-aasawa ay hindi biro,
   Na parang kanin kung isusubo,
   Na pwede mong iluwa kapag ikaw ay napaso
3. Naghangad ng kagitna
   Isang salop ang nawala.
4. Kapag may isinuksok
   May nadudukot
5. Ako ang nagsaing,
   Iba ang kumain.

Isagawa B.

1. b
2. g
3. d
4. c
5. h
6. f
7. a
8. i
9. j
10. e

Pagyamanin

1. b
2. a
3. c
4. a
5. d
6. c
7. b
8. c
9. a
10. d

## *Sanggunian*

Baisa-Julian, Ailene .et al. *Panitikang Filipino:Pinagyamang Pluma 8*. Quezon City:Phoenix Publishing House. Inc. 2017.

Garcia, Hilda N., et al. *Canao-Yaman ng Diwa*. Quezon City:Vibal Publishing House, Inc. 2007

Enrijo, Willita A.et al. Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral.Mandaluyong City: Printwell, Inc. 2013

www.slideshare.com

https://www.youtube.com/watch?v=8QeW3lapm38&feature = share